ANO ANG KAHULUGAN NG *Positibong Resulta ng Pagsusuri ng Balat Para Malaman Kung May TB?*

Ang positibong resulta ay kadalasang nangangahulugan na ikaw ay may mikrobyo ng TB. Ang taong ito ay sinasabing may impeksyon ng TB. Pero, ang isang pagsusuri ng balat na positibo sa TB ay maaaring mangahulugan din na ikaw ay nagtataglay na ng sakit na TB. Kailangan mo ng mga karagdagang pagsusuri upang malaman kung ikaw ay may impeksiyon ng TB o may sakit na TB.

Kailangan ko ba ng isa pang pagsusuri ng balat?

Hindi na. Bagaman ang muling pagsusuri ng balat para malaman kung may TB ay hindi makakapinsala sa iyo, ang katunayan ng positibong resulta ng iyong pagsusuri ay makakatulong upang maiwasan mo na muling suriin. Sa sandaling magkaroon ka ng positibong resulta ng pagsusuri ng iyong balat, karaniwang mamamalagi itong positibo sa buong buhay mo (kahit na nagpapagamot ka). Mag-ingat ng rekord ng positibong resulta ng pagsusuri ng iyong balat para maipakita mo kung sakaling hingin sa iyo na magpasuri sa hinaharap.

Ano pa ang ibang mga pagsusuring kailangan ko?

Kailangan mo ng reyos-ekis sa dibdib upang matiyak na ang mga mikrobyo ay hindi pa nagsisimulang makaapekto sa iyong mga baga (sakit na TB). Dapat ka ring magpasuri sa doktor upang malaman kung kailangan kang gamutin.

Maaaring kuwalipikado ka sa mga benepisyong Medi-Cal. Ang mga taong may impeksyon ng TB o may sakit na TB ay maaaring maging kuwalipikado rin sa TB-Cal. Upang malaman kung nararapat kang tumanggap ng mga benepisyo at upang humiling ng pakete ng kaalaman at aplikasyon, mangyaring tumawag sa 1-858-514-6885. Tinatanggap ang mga tawag na "collect."